# 10K baboy nanganganib na patayin at ilibing sa QC

Posibleng patayin na lamang at saka ililibing ang may 10 libong baboy na inaalagaan ng mga backyard raisers sa Bagong Silangan, Quezon City.

Ayon kay QC veterinary office chief Dra. Ana Maria Cabel, gagawin ito ng pamahalaang lungsod sa sandaling magpositibo sa African Swine Flu ang tissue samples na kinuha ng Bureau of Animal Industry sa natagpuang mga patay na baboy dito.

Noong Miyerkules ay nadiskubre ang tatlong baboy at dalawang asong patay na itinapon sa ilog na nasa Sitio Veterans sa Brgy. Bagong Silangan.

Sabi ni Dra. Cabel, kailangang ipatupad ng lokal na pamahalaan ang pagpatay sa mga may sakit na baboy bilang bahagi ng protocol na ipinatutupad ng Department of Agriculture para tuluyang makontrol ang pagkalat ng ASF virus sakaling ito nga ang dahilan ng pagkamatay ng itinapong mga baboy.

Kahapon ay nagpatupad na ng total 'locked-down' sa Brgy. Bagong Silangan ang city veterinary office para hindi makalabas papunta ng mga slaughter houses ang mga baboy at wala ring papayagang makapasok na karne ng baboy dito.

May itatalaga namang lugar ang QC health department para doon ilibing ang mga papataying baboy oras na magpositibo sa virus.

Batay sa rekord ng City veterinary office, mayroong mahigit 1,000 backyard hog raisers na nasa Bagong Silangan ay nag-aalaga ng average na hanggang 10 ulo ng baboy.

Una nang inanunsyo ni Agriculture Secretary William Dar na nakontrol na ang pagkalat ng sakit ng baboy sa Rizal dahil sa maagap na pagpapatupad ng epektibong contingency measures kabilang na ang 1-7-10 protocol.

Ang pagkain ng baboy sa bansa ay ligtas pa rin ayon sa Department of Health at ang ASF ay sakit ng baboy na hindi naililipat sa tao. *(Angie dela Cruz)*